# *Mĝa Talà sa Rizal*

**Chemang Guevara.**

Walâng kamalák-malák, ay nakagawâ ang pagkakamalî ko nğ isang malaking katotohanan. ¡Kay inam na pagkakátaon!

¿Bakit bagá't nágawà kong panĝapat na *talà* si Chemang, iyang anak Marikit-na, na balang magsabi ay siyang nararapat iuna?

Kung hindi lamang ako nagaala-alang mápulaan nğ mĝa "librepensador", itinuring ko na sanang ang ganitong nangyari ay talaga ni Bathala. ¿Pati na baga Diyos ay nakikialam sa amin ni Chemang? . . .

Pagkat marahil ang mĝa manglbabasa ko'y nakatatalos din na sa ika apat na oras nğ madaling araw, kasabay nğ tilaukan nğ mĝa manok, ay sumisikat sa Silanĝanan ang *talang* pinakamaningning sa dilang maningning, marilag sa dilang marilag, na kung titigan ay nakawiwili at nakaaaya sa kalooban. Dili iba kundi ang talàng Venus. ¿Sino ang hindi nakakikilala sa salitang *venus*? Ito, ayon sa mĝa makata, ay bathalà nğ panĝarap; ayon sa mĝa manghihibò ay bathalà sa dilag, at ayon sa mĝa umiibig ay bathalà nğ puso.

At sakâ nĝayon ay ikaapat namang sumikat sa pitak na ito si Chemang. Isang bibihiràing pagkakàtaon.

¿Paanong hindi magkakátaon, sa ang *talang* nakasikat na iyan sa Marikit-na, ay siyang bathalà nğ aking panĝarap, bathalà ko sa dilag at tanĝing bathalà nğ puso? Siya, sa minsang sabi, ang tunay kong Venus. . . . . . . . . . . . . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

Sayang at hindi ko pa palad hanga nĝayon ang mapabilang sa mĝa kaluguran ni Chemang; sana'y nakaluhod ako sa kanyang harap at tahasang nasabi, na siya ang una sa lahat nğ mĝa *talà* dito sa Rizal at ang kanyang ningning ay di nagkakasiya sa lalawigang ito lamang, kundi nanabog sa boong Pilipinas, at kung magkaminsan pa ang kanyang mĝa sinag ay nagtatawid dagat at nagbabalità sa mĝa ibang dako nğ kawiliwiling dilag nğ mĝa binibini rito.

Lauro Maka-Irog

## COMIC SECTION

### TWO MEAN MEN.

A man was drinking a glass of beer in a saloon when some important business called him out. To save his half emptied glass against intruders, he put á piece of paper under it with this inscription:

"In this beer, I have spit."

On coming back, our hero was much horrified to read the following postscription:

"So have I!"

—:—

Several Irishmen was disputing one day about the invincibility of their respective powers when one of them remarked:

"Faith, I am a brick!"

"And I'm a bricklayer!" shouted another knocking down the first speaker.

—:—

### NOT THAT VARIETY.

Maria:—"For heaven's sake! Miss Long engaged to Juan Alejo? Why she told me only yesterday that she wouldn't marry the best man on earth!"

Juana:—"She isn't going to!...

—:—

### A DANGER SIGNAL.

Bobbie:—"Pa, isn't *red* a sign of danger!"

Papa:—"Yes, I believe so!"

Bobbie:—"There is red ink there, why don't you sign the pledge!',

—:—

### SECRET GIRLS KEEP.

She:—There is one secret a woman can keep."

He:—"Nonsense! What is it?"

She:—"I can't tell you: It's a secret."

—:—

### UP IN ARMS!! . . .

One girl:—"Jack tried to kiss me last night."

Another:—,-What in the world did you do?"

First girl:—"Oh, I was up in arms, in a minute!!"

—:—

### ALWAYS CACKLES.

Bond:-"Why do yo call your wife an old hen?"